REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**Sangguniang Panglungsod**

**KAPASIYAHANG PANGLUNGSOD BILANG 98-25**

**KAPASIYAHANG PANGLUNGSOD NA BINIBIGYAN NG KAPANGYARIHAN ANG PUNONGLUNGSOD MGGL. IGNACIO R. BUNYE NA PUMASOK SA KASUNDUAN NG PAG-UPA SA ISANG STUDIO TYPE APARTMENT NA INOOKUPA NG JUDO VOLUNTEER NA SI ATSUTSI MIYASAKI.**

**************************************************************************

Ipinanukala ni : **Kgg. Rufino B. Joaquin**

**************************************************************************

**SAPAGKAT,** isa sa mga programa ng Pamahalaang lungsod ay palawigin at palakasin ang aspetong pangkalakasan ng Muntinlupa;

**SAPAGKAT,** upang matamo ang adhikaing ito kinuha ng Pamahalaang Lungsod ang **"judo volunteer"** na si **G. Atsutsi Miyasaki** na nagsisilbing tagasanay ng mga kabataang manlalaro ng lungsod;

**SAPAGKAT,** si **G. Atsutsi Miyasaki** ay kasalukuyang naninirahan sa isang studio type apartment na pag-aari ni Fe Malonzo na matatagpuan sa **#23 Argentina St., Better Living Paranaque,** kung saan ang buwanang upa ay nagkakahalaga ng **APAT NA LIBO AT APAT NA RAANG PISO (P4,400.00)** bawat buwan at ang kontrata ni **G. Atsutsi Miyasaki** ay magsisimula ng Disyembre 1997 hanggang Hunyo 18, 1998;

**SAPAGKAT,** upang ang mahalagang tulong na naibibigay ni **G. Atsutsi Miyasaki** ay matumbasan, ang Pamahalaang Lungsod ang aako ng buwanang pag-upa sa nabanggit na studio type apartment:

**SAPAGKAT,** bilang lokal na tagapagpaganap ang Punonglungsod ay may kapangyarihan na pumasok sa anumang kasunduan na nauukol sa lungsod matapos na mabigyan ng kaukulang pagpapatibay ng Sanggunian;

**NGAYON DAHIL DITO,** pinagpasiyahan ng Sangguniang Panglungsod na bigyan ng kapangyarihan ang Punonglungsod, Mggl. Ignacio R. Bunye na pumasok sa kasunduan ng pag-upa sa isang type apartment na inookupa ng Judo Volunteer na si **G. Atsutsi Miyasaki.**

**PINAGTIBAY** ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa ngayong **16 Marso 1998, sa ginanap na ika-siyam (9th) Regular na Sesyon.**

**SUMANG-AYON:**

**KGG. MELCHOR R. TEVES**
Konsehal

**KGG. DANTE S. ALMARIO**
Konsehal

**KGG. RAFAEL R. ARCIAGA**
Konsehal

**KGG. VICTOR L. ULANDAY**
Konsehal

**KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO**
Konsehal

**KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.**
Konsehal

**KGG. JO JASON L. ALCARAZ**
Konsehal

**KGG. REY E. BULAY**
Konsehal

**KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
Konsehal

**KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**
Konsehal

**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
Konsehal

**KGG. ARTEMIO A. SIMUNDAC**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Asosasyon ng mga Punong-Barangay

**KGG. ALLAN REY A. CAMILON**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

**LIBAN :**

**KGG. ROMAN E. NIEFES**
Konsehal

**PINATOTOTOHANAN** ko ang katumpakan ng Kapasiyahang Panglungsod na ito.

**NECITO M. GUICO**
Kalihim
**SANGGUNIANG PANGLUNGSOD**

**PINATUTUNAYAN :**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
Pangalawang Punonglungsod/Pangulong Opisyal

**PINAGTIBAY :**

**MGGL. IGNACIO R. BUNYE**
Punonglungsod
Petsa : 3-23-98

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines

Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196